



Sa pahinang ito

- [Kritikal na mga kasanayan at sektor](#)
 - [Mga kinakailangan sa pahintulot sa pagbibiyaha para sa mga indibidwal sa mga kritikal na sektor o may kritikal na mga kasanayan](#)
 - [Kailangan bang may hawak akong visa bago humiling ng pahintulot sa pagbibiyaha?](#)
 - [Pagbibiyaha gamit ang isang Asia-Pacific Economic Cooperation \(APEC\) Business Travel Card \(ABTC\)](#)
 - [Mag-apply ng pahintulot online](#)
 - [Mga karagdagang tanong](#)

Kritikal na mga kasanayan at sektor

May ipinatutupad ang Australia na mahihigpit na hakbang sa mga border para protektahan ang kalusugan ng komunidad sa Australia. Available sa kasalukuyan ang napakalimitadong bilang ng mga flight papunta at palabas ng Australia. Kung binigyan ka ng pahintulot sa paglalakbay, maaaring hindi ka makapaglakbay sa ngayon. Maaaring magbago ang mga paghihigpit sa pagbibiyaha. Regular na tingnan muli. Tingnan ang: [Pahayag sa media ng Pambansang Gabinete](#).

Lahat ng biyaherong darating sa Australia, kabilang ang mga mamamayan ng Australia, ay napapailalim sa ipinag-uutos na quarantine sa loob ng 14 na araw sa isang itinalagang pasilidad, tulad ng isang hotel, sa kanilang port ng pagdating. Tingnan ang [Payo para sa mga biyahero kaugnay ng coronavirus \(COVID-19\)](#). Maaaring kailangan mong bayaran ang mga gastusin sa iyong pag-quarantine. Para alamin pa ang tungkol sa mga kailangan sa pag-quarantine, makipag-ugnayan sa kaugnay na [departamento ng kalusugan ng gobyerno ng estado o teritoryo](#).

Mga kinakailangan sa pahintulot sa pagbibiyaha para sa mga indibidwal sa mga kritikal na sektor o may kritikal na mga kasanayan

Ang Komisyoner ng Puwersa sa Border ng Australia o Australian Border Force ay maaaring magbigay ng indibidwal na pahintulot kung ikaw ay isang hindi mamamayan na:

- nagbibiyaha dahil sa imbitasyon ng Pamahalaan ng Australia o ng isang awtoridad ng pamahalaan ng estado o teritoryo para sa layunin na tumulong sa pagtugon laban sa COVID-19
- nagbibigay ng mahahalaga o espesyal na medikal na serbisyo, kabilang ang air ambulance, mga medikal na paglikas at paghahatid ng mahahalagang medikal na supply
- na may mahahalagang kasanayan na kailangan para mapanatili ang supply ng mahahalagang produkto at serbisyo (tilad ng medikal na teknolohiya, mahalagang impraestruktura, telecommunications, engineering at pagmimina, supply chain

- logistics, pangangalaga ng matatanda, agrikultura, pangunahing industriya, produksyon ng pagkain, at industriya ng maritime)
- naghahatid ng mga serbisyo sa mga sektor na kritikal sa pagbawi ng ekonomiya ng Australia (tulad ng teknolohiyang pampinansyal, malakihan na paggawa, produksyon ng pelikula, media at telebisyon at umuusbong na teknolohiya), kung saan walang magagamit na Australyanong manggagawa
 - nagbibigay ng kritikal na mga kasanayan sa larangan ng relihiyon o teolohiya
 - Na-sponsor ng iyong employer para magtrabaho sa Australia sa isang trabahong nasa [Priority Migration Skilled Occupation List \(PMSOL\)](#)
 - ang pagpasok ay dulot ng isang pambansang interes, na sinusupportahan ng Pamahalaan ng Australia o isang awtoridad ng pamahalaan ng estado o teritoryo.

Ang isang indibidwal ay maaaring magsumite ng kahilingan para sa pahintulot sa paglalakbay sa ilalim ng categoryang ito o ang isang negosyo ay maaaring magsumite ng kahilingan sa kanilang ngalan. Ang mga aplikasyon ng maraming biyahero sa loob ng parehong pangkat/negosyo ay maaaring maiugnay, upang ang mga kahilingan ay isinasaalang-alang nang magkakasama.

Mangyaring humiling ng pahintulot gamit ang form sa ibaba at magbigay ng naaangkop na katibayan upang suportahan ang mga pahayag. Maaaring isapinal ang mga kahilingan nang walang karagdagang pagsasaalang-alang kung nagbigay ng hindi sapat na katunayan. Kailangang opisyal na nakasalin sa Ingles ang lahat ng dokumento.

Ang isang pahintulot ay karaniwang dapat mai-apply nang hindi bababa sa dalawang linggo, ngunit hindi hihigit sa tatlong buwan, bago ang nakaplanong pagbibiyaha. Ang agarang pagbibiyaheng pangnegosyo ay isasaalang-alang sa loob ng timeframe na ito.

Kailangang kabilang sa kahilingan ang:

- **mga detalye ng biyahero:** pangalan, DOB, uri at numero ng visa, numero ng pasaporte, ipinanukalang address ng tirahan at numero ng telepono sa Australia
- **mga dahilan para sa pagbibiyaha:** kung bakit dapat isaalang-alang ang iyong kahilingan para sa pagpapasya/pahintulot ng Komisyoner
- **sumusuportang pahayag:** paglalahad kung paano mo natutugunan ang isa sa mga kritikal na kasanayan/kritikal na sektor na batayan para sa pahintulot
- **kasamang ebidensya:** ang kahilingan ay dapat na samahan ng sumusuportang ebidensya, tulad ng isang liham mula sa isang negosyo na kasangkot sa pagbibigay ng mga kritikal na kalakal at serbisyo, Pamahalaan ng Australia o awtoridad ng gobyerno ng estado o teritoryo na nagpapayo kung bakit kritikal ang iyong pagbibiyaha sa ngayon

Ang mga indibidwal ay dapat may hawak na balidong visa at isang pahintulot mula sa Komisyoner bago sila bumiyaha.

Kailangan bang may hawak akong visa bago humiling ng pahintulot sa pagbibiyaha?

Ang isang indibidwal na humihiling sa ilalim ng kategoryang ito ay hindi kailangang may hawak na visa sa oras ng pag-apply para sa isang pahintulot mula sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha sa Australia. Kung naaprubahan ang pahintulot sa pagbibiyaha, kailangan mong magkaroon ng balidong visa upang bumiyaha. Dapat matugunan ang lahat ng kinakailangan upang mabigyan ng visa. Ang impormasyon tungkol sa mga uri ng visa at mga kinakailangan ay matatagpuan sa [Website ng departamento](#).

Pagbibiyaha gamit ang isang Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) Business Travel Card (ABTC)

Ang mga may-hawak ng ABTC at aplikante ay hindi awtomatikong libre mula sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha sa Australia. Kung kailangan mong pumasok sa Australia para sa negosyong nauugnay sa kritikal na sektor, maaari kang humiling ng pahintulot at magbigay ng katibayan upang suportahan ang iyong mga pahayag.

Hindi ka pinapayagan ng isang ABTC na magtrabaho sa Australia. Kung balak mong magtrabaho sa Australia, dapat kang magkaroon ng balidong visa na may mga karapatang magtrabaho.

Para sa karagdagang impormasyon ng pagbibiyaha sa Australia gamit ang iyong ABTC, tingnan ang [Asia-Pacific Economic Cooperation \(APEC\) Business Travel Card \(ABTC\) para sa Mga Dayuhang Aplikante](#).

Mag-apply ng pahintulot online

Mangyaring gumawa lamang ng isang kahilingan bawat tao. Ang mga duplikadong kahilingan ay mag-aantala ng pagtatasa. Kung hindi ka binigyan ng eksempson, hindi ka dapat magpatuloy sa mga plano ng paglalakbay, dahil hindi ka papayagang sumakay sa isang paglipad patungong Australia. Kung binigyan ka ng eksempson sa paglalakbay, kakailanganin mong kumuha ng katibayan ng desisyon sa eksempson sa paliparan.

[Mag-apply online](#)

Karagdagang mga tanong

Kung mayroon kang karagdagang mga katanungan tungkol sa mga kasanayang kritikal at mga sektor, at ang proseso ng eksempson sa paglalakbay o isang umiiral na aplikasyon ng mga kasanayang kritikal ng eksempson sa paglalakbay mangyaring kumpletuhin ang isang online na [form ng pagtatanong](#).